REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

***KAPASIYAHAN BILANG 94-185***

***KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG APLIKASYON NG R.B. CONSTRUCTION, INC., PARA SA PAGBABAGO NG PLANO (ALTERATION OF PLAN) NG KANILANG PROYEKTONG EXPRESS VIEW TOWNHOMES NA MATATAGPUAN SA BARANGAY PUTATAN, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.***

*******************************************************************

*Ipinanukala ni Kgg. Nolasco L. Diaz*

*******************************************************************

***SAPAGKAT,*** *ang R.B. Construction, Inc., na may address sa Don Jesus Blvd., corner West Service Road, South Expressway, Alabang Hills Village, Muntinlupa, Metro Manila at kinatawan ni G. Rosarito L. Bagatsing bilang pangulo ay nag-aapply para sa pagbabago ng plano ng kanilang proyektong Express View Townhomes na magtatagpuan sa Barangay Putatan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila;*

***SAPAGKAT,*** *ang gagawing pagbabago ay ang pagko-convert ng buong Block 4 na may walong (8) lote sa pagiging open space at ang paglilipat ng overhead water tank mula sa Lot 2 Block 4 papuntang Lot 14 Block 1;*

***SAPAGKAT,*** *ang open space ay magsisilbing palaruan at pahingahan ng mga homeowners ng Express View Townhomes bagama't hindi nire-require ng batas ang developer na maglaan ng open spaces sa dahilang ang sukat ng lupa ay maliit sa isang (1) ektarya ay nagpaunlak ang may-ari ng townhomes;*

***SAPAGKAT,*** *ang paglilipat ng overhead water tank ay para sa kabutihan at kapakanan ng mga naninirahan doon batay na rin sa rekomendasyon ng well-drilling contractor;*

***SAPAGKAT,*** *matapos ang masusing pagsusuri at pagrerepaso ng mga kaukulang dokumento para sa pagbabago ng plano ay napatunayang sumusunod ang developer sa mga batas na may kinalaman dito;*

***NGAYON, DAHIL DITO,*** *sa pamamagitan ng kapangyarihang ipinagkaloob sa Sangguniang Bayan ng Housing and Land Use Regulatory Board (H.L.U.R.B.) ay pinagpasiyahan na pagtibayin ang aplikasyon ng R.B. Construction, Inc., para sa pagbabago ng plano ng kanilang proyektong Express View Townhomes na matatagpuan sa Barangay Putatan, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.*

***PINAGTIBAY*** *ng mas nakararaming kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang* ***ika-106th regular*** *na pulong na ginanap ngayong ika-24 ng Oktubre, 1994 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.*

*PINATUTUNAYAN:*

***KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.***
***Pansamantalang Tagapangulo/Konsehal***

*(Absent)*
***KGG. ROGER C. SMITH***
***Konsehal***

*(Absent)*
***KGG. RUFINO B. JOAQUIN***
***Konsehal***

***KGG. ROMAN E. NIEFES***
***Konsehal***

*(Absent)*
***KGG. DANTE S. ALMARIO***
***Konsehal***

***KGG. ARTURO S. BUNYI***
***Konsehal***

*(Absent)*
***KGG. LUCIO B. CONSTANTINO***
***Konsehal***

***KGG. MELCHOR R. TEVES***
***Konsehal***

***KGG. REY E. BULAY***
***Konsehal***

***KGG. NOLASCO L. DIAZ***
***Konsehal***

***KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ***
***Konsehal***

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
**Kinatawan ng Sektor**
**Pangulo, Samahan ng**
**mga Punongbarangay**

**KGG. MIGUEL LUIS F.RIOSJR**
**Kinatawan ng Sektor**
**Tagapangulo, Pederasyon**
**ng Sangguniang Kabataan**

***PINATOTOHANAN:***

**PETER B. SALONGA**
**Pambayang Kalihim**

***PINAGTIBAY:***

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
**Punongbayan**